

# Kung pakiramdam mo ay maysakit ka, Pumunta ng Ospital!

**Maaring matagal ka na at nasanay nang mamuhay dito sa Japan, pero kung nagkakasakit ka ba ay pumupunta ka ng ospital?**
Mula sa mga konsultasyon sa pang-araw-araw na pamumuhay na natatanggap ng FICEC, nalaman namin na maraming hadlang ang mga dayuhan sa pagpunta sa mga ospital, bukod pa sa hindi gaanong marunong magsalita ng Nihongo at walang maraming doktor na marunong magsalita ng banyagang wika.
Ayon sa isang survey ng Immigration Bureau noong 2021, ang ilan sa mga komento ay **"Hindi ko alam kung paano pumunta ng ospital" (23%), "Hindi ko maipaliwanag maigi ang aking mga sintomas sa ospital" (22%)**
May mga kaugalian at pamamaraan sa iyong sariling bansa, ngunit kung ipagpapaliban mo ang pagpunta sa ospital, maaaring ito ay iyong pagsisihan. Kung sa tingin mo ay parang may hindi tama sa iyong nararamdaman, pumunta na agad sa ospital bago pa mahuli ang lahat.

## A Listahan ng mga ospital na sertipikado sa ilalim ng Japan Medical Service Accreditation for International Patients (JMIP)na tumatanggap ng mga dayuhan

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | Saitama Medical University International Medical Center | 1397-1, Yamane, Hidaka-shi | 042-984-4111 |
| 2 | Hanyu General Hospital | 446 Oaza-Shimo-Iwase, Hanyu-shi | 048-562-3000 |
| 3 | Saitama Red Cross Hospital | 1-5 Shintoshin, Chuo-ku, Saitama-shi | 048-852-1111 |

1

2

3

## B Mga ospital na tumatanggap ng mga dayuhang pasyente na kailangan ng emergency na pagpapagamot

(jnto.go.jp)

| | | |
|---|---|---|
| TMG Muneoka Central Hospital | 5-14-50 Kamimuneoka, Shiki-shi | 048-472-9211 |
| Aobadai Clinic | 3-8-2 Miyado, Asaka-shi | 048-474-5270 |
| Medical Corporation Shinyukai Kikuchi Hospital | 371 Uenodai, Fukaya-shi | 048-571-0660 |
| Ounen Polyclinic | 1037-1 Nakatomi, Tokorozawa-shi | 04-2990-5818 |
| Matsumoto Internal Medicine | 1-330 Horinouchi-cho, Omiya-ku, Saitama-shi | 048-649-3533 |
| Sakado Central Hospital | 30-8 Minami-cho, Sakado-shi | 049-283-0019 |
| Kamifukuoka General Hospital | 931 Fukuoka, Fujimino-shi | 049-266-0111 |

※ May duktor na Chinese sa dept. ng obstetrics at gynecology sa Kamifukuoka General Hospital sa Fujimino-shi.

**Nagbibigay ng pagpapayo ang FICEC sa pagkonsulta sa ospital at iba pang impormasyon**

Ang FICEC ay hindi makapagbibigay ng medikal na interpretasyon, na nangangailangan ng espesyalisasyon at lubhang mapanganib, subalit maaari kaming magbigay ng direksyon sa mga ospital at magsalin ng mga printed materials at manwal (may kaukulang bayad). Kung wala kang panggastos sa pagpapagamot, gagabayan ka namin sa pagkuha ng suporta mula sa pambansa at lokal na pamahalaan. Ang ilang mga ospital ay may libre at murang mga sistema ng medikal na pagpapagamot, at maaari kang makatanggap ng suporta para sa gastusin sa pagpapa-ospital at gastos sa gamot. Magkonsulta lamang.



## Paghahanda para sa gastusin sa pagpasok sa eskuwela

Magkano ang gastos sa pagpasok sa elementarya? Ang edukasyon sa Japan ay sinasabing libre hanggang sa junior high school. Totoong libre ang tuition fee sa mga pampublikong paaralan at ang mga aklat-aralin ay ipapamahagi din nang walang bayad. Subalit ang pagpasok sa eskuwela ay nangangailangan ng paghahanda ng iba pang mga gamit at ito ay kailangang bilhin. Depende sa inyong munisipalidad kailangang bilhin ang mga sumusunod na mga bagay na kakailanganin sa pagpasok.

> "Randoseru" o school bag (¥30,000-¥70,000),sombrero,sapatos sa loob ng paaralan,uniporme ng pang gym,sombrerong may kulay puti at pula,bag ng unipormeng pang-gym,school lunch set,luncheon mat,sipilyo,pencil case,stationery(pula at asul na lapis,pambura,panghasa ng lapis,15 cm ruler, colored pencils,under sheet,gunting,glue,tape,clay,krayola at ibp.),toolbox,disaster prevention hood (ginagamit na cushion ng upuan pero gamit sa emergency para sa disaster prevention hood),contact book,water bottle,kapote, maliit na bag,mga notebook at mga pagsasanay na gamit kada subject at iba pa.

At marami pang ibang bagay ang kailangan. Kailangan ding isulat ang pangalan ng bata sa lahat ng mga gamit. Isulat ang pangalan sa bawat lapis. Bilang karagdagan, mayroong ilang mga bagay na kailangang bilhin sa pagsimula ng pag-aaral, tulad ng pianica at iba pa.

**Pagpapaliwanag sa pagpasok sa elementarya ~** Pagpupulong at pagpapaliwanag tungkol sa mga detalye sa pagpasok ay isasagawa sa buwan ng Enero o Pebrero.

※Mga pamilya na may anak na nakatakdang papasok sa paaralan ay padadalhan ng postcard galing sa paaralan tungkol sa pagpupulong at pagpapaliwanag.

Kung may problema kayo sa gastusin sa mga gamit sa pagpasok, magsadya lamang sa munisipyo at magkonsulta. Maari ding magkonsulta sa FICEC. Mayroon kaming school bags na maibibigay.

**Sa pagpasok sa junior high school, kailangan ang panibagong uniporme, jerseys, at iba pang gamit.**

Sa Fujimino City, mga uniporme at jerseys ay ibinibigay ng mga nagtapos na estudyante bilang donasyon. Tumawag lamang sa General Welfare Consultation Center (Tel. 049-262-8130)

**Gawin natin ang ating makakaya na maihanda ang mga kailangan sa pagpasok sa eskuwela upang ang mga bata ay maging masaya at kaaya-aya sa darating na pasukan!**

---

2/4

## Pagpupulong at ugnayan ng mga residente ng Fujimino-shi

Ang FICEC ay magtatanghal ng eksibisyon at pagpapakilala ng mga aktibidad at mga ebento. May programa ng kantahan, pagsasayaw, handmade corner, pagsusuring pangkalusugan (laki ng buto at lakas ng panghawak) at tea room ng mga estudyante ng high school.
Sumali at makisaya!

- Saan: Fukutopia, Fujimino-shi
- Kailan: Pebrero 4 (Linggo) 10:00-15:00



## Gabay sa pamumuhay ay naisalin sa wikang Vietnamese

*Tungkol sa Status of Residence
*Edukasyon at pagpalaki ng bata
*Tungkol sa kalusugan, trabaho, mga konsultasyon at pagpapayo

